


Filipino

Unang Markahan–Modyul 5: Napakinggang Panuto Buoin Mo: Salaysay Ko



Filipino – Baitang 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 5: Napakinggang Panuto Buoin Mo: Salaysay Ko
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Baby Elsie M. Jove, Jesusa Niña C. Ampongan
Editors: Jerickson D. Getizo
Tagasuri: Rechie O. Salcedo
Tagaguhit: Emma N. Malapo, Jackielene V. Portea
Tagalapat: Rey Antoni S. Malate,
Tagapamahala: Gilbert T. Sadsad, Ronel Al K. Firmo, Francisco B. Bulalacao, Jr.
Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Nora J. Laguda
Jerson V. Toralde, Rechie O. Salcedo, Belen B. Pili

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Filipino

Unang Markahan–Modyul 5:
Napakinggang Panuto Buuin Mo:
Salaysay Ko

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Kumusta?

Hindi ba madalas ay napag-uutusan tayo o ‘di kaya ay napagbibilinan? Sa ganitong mga pagkakataon ay napakahalaga na marunong kang sumunod sa napakinggang panuto.


Maliban sa pakikinig ng panuto, alam kong gusto mo rin ang pagbabasa ng isang kuwento at pagtukoy ng mga tauhan, tagpuan at mga pangyayari. Sa tulong ng araling ito, higit mo pang matututuhan ang bahagi ng kuwento.



Sa modyul na ito, inaaasahang makakamit mo ang sumusunod na kasanayan:

1. Natutukoy ang bahagi ng binasang kuwento – simula, kasukdulan, katapusan

2. Naisasalaysay muli nang wastong pagkakasunod-sunod ang nabasang teksto, gamit ang larawan, signal words, at pangungusap





Subukin

Subuking sundin ito....

Tawagin ang iyong nanay o ibang kasamahan sa bahay na puwedeng magbasa sa iyong harapan ng mga panuto o hakbang na iyong susundin.

Handa ka na ba?

A. Panuto: Para sa kasamahan sa bahay na magbabasa:

Basahin nang maayos ang panutong nasa ibaba upang makasunod nang tama ang iyong mag-aaral.

Sa mag-aaral: Pakinggan at isagawa ang sumusunod na panuto o hakbang. Gamitin ang iyong kuwaderno at krayola.

1. Iguhit ang isang bilog sa bandang itaas ng papel.
2. Sa taas ng bilog, gumuhit ng isang korona.
3. Sa bandang ibaba ng bilog ay iguhit naman ang tatsulok.
4. Sa loob ng hugis tatsulok, isulat sa malaking titik ang unang letra ng iyong pangalan.
5. Kulayan ng pula ang hugis tatsulok.
6. Sa ibaba at labas ng tatsulok, gumuhit ng parihaba.
7. Sa loob ng parihaba, isulat ang iyong apelyido.
8. Kulayan ng dilaw ang parihaba.
9. Sa ilalim ng parihaba, gumuhit ng puso.
10. Kulayan ng pula ang puso.

B. Panuto: Basahin ang maikling teksto sa ibaba.

Masipag at matulunging bata si Jamila. Palagi niyang tinutulungan ang kanyang ina para maglaba ng kanilang damit. Kaagad niyang inihahanda ang labahan sa pamamagitan ng paghihiwalay ng puting damit sa mga may kulay. Binabasa muna niya ang mga damit bago sabunin. Inuuna muna niyang sinasabon ang mga puti bago ang mga may kulay. Binabanlawan nila ito ng tatlong beses. Pinipigaan ang damit bago isampay. Pinapatuyo sa araw ang mga damit.

Panuto: Isalaysay muli nang wastong pagkakasunod-sunod ang nabasang teksto gamit ang mga larawan at *signal words* (una, pangalawa, pangatlo, sunod, huli) sa mga pangungusap.



Nasunod mo ba ang napakinggang panuto?
Madali lang ba ang hakbang nito? ___ Oo ___ Hindi
Naisalaysay mo rin ba nang may pagkakasunod-
sunod ang pangyayari gamit ang mga larawan at
signal words?

Mahusay! Simulan mo na ang ating aralin.

Aralin

1

Napakinggang Panuto Buoin Mo: Salaysay Ko



Balikan

Naalala mo ba ang nakaraang aralin hinggil sa mga elemento ng kuwento?

Kaya mo bang tukuyin kung sino-sino ang mga tauhan, saan ang tagpuan at ano-ano ang mga nangyari sa kuwento?

Halika, magbalik-aral ka.

Panuto: Basahin ang maikling kuwento sa ibaba. Tukuyin ang mga **elemento ng kuwento** at isulat ito sa loob ng *organizer*.

Si Oscar at Omar

Ma. Theresa I. Cortez

Matalik na magkaibigan si Oscar at si Omar simula pa pagkabata. Oras-oras laging naglalaro ang dalawa gamit ang laruang oso. Isang araw, biglang nasagasaan si Oscar ng puting sasakyan. Kaya dinala agad siya sa ospital para magamot. Agad-agad na pinuntahan ni Omar ang kaibigan para siya'y alalayan.

Malaki ang pasasalamat ng kanyang Tito Selmo na nakaligtas siya sa peligro. Nagpasalamat din si Oscar kay Omar sa kanyang pagbisita. Hanggang sa paglaki, hindi mapaghiwalay ang dalawa. Lahat ng bagay ay ginagawa nila ng magkasama.

Mga Tanong:

1. Sino ang matalik na magkaibigan sa kuwento?
2. Saan dinala si Oscar pagkatapos ng aksidente?
3. Paano sila naging matalik na magkaibigan?

Tauhan	Tagpuan	Mahalagang pangyayari sa kuwento

Dahil sa tapos ka na sa gawaing ito, alamin mo kung wasto ang iyong kasagutan sa pahina 18.



Ngayong may sapat ka ng kaalaman hinggil sa elemento ng kuwento. Daragdagan pa natin ito.

Halika, dumako na tayo sa bahagi ng kuwento.



Mga Tala para sa Guro

Mahalaga ang pagbabanghay upang matukoy ang elemento ng kuwento.



Tuklasin

Alam mo bang mas lalo ka pang masisiyahan at tatalas ang iyong diwa't isipan sa patuloy na pagsasanay sa pagsunod sa mga napakinggang hakbang o panuto.

Tara na! ipagpatuloy mo na.

Panuto: Ngayon naman ay pakikikingan mo ang isang kuwento na nasa inihandang CD, Recorded pagkatapos ay iyong susundin ang mga hakbang o panutong nakasaad dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Maaring basahin ng kapamilya ang sipi ng kuwento sa **pahina 18** sakaling hindi mo magamit ang CD.

Kuwento: Pamamasyal sa Bikol
(tingnan sa pahina 18, ang kopya ng teksto)

Kumusta! Nasunod at nasagot mo ba ang pinakinggang panuto? Tingnan ang sagot sa pahina 18.



- Ang iyong ginawa ay pagsunod sa panuto.

- Ano ang dapat tandaan sa pagsunod sa panuto?

- Mahalaga ba ang pagsunod sa panuto? Bakit?



Suriin

Kilalanin nating muli ang konsepto sa wastong pagsunod sa napakinggang panuto.

Panuto: Babasahin ng kasamahan sa bahay ang mga hakbang. Pakinggang mabuti. Gumamit ng isang malinis na bondpaper, lapis at bolpen sa pagsagot.

Gawain 1: Kaya mo na bang gawin?

1. Hatiin ang isang papel sa apat na bahagi. Lagyan ng guhit ang bawat tupi.
2. Isulat ang bilang isa hanggang apat sa bawat kahon. Iguhit sa unang kahon ang ginagawa mo tuwing araw ng Sabado.
3. Isulat sa ikalawang kahon ang mga kasapi ng iyong pamilya.
4. Sa ikatlong kahon, iguhit ang gawain ninyong magkaklase nang tulong-tulong sa paaralan.
5. Sa ikaapat na kahon, isulat ang iyong buong pangalan. Bilugan ito.

Ano ang iyong nabuo?

Nabuo mo ba nang tama ayon sa hinihingi?

Nasundan mo ba ang panuto?

Gawain 2: Sa pagkakataong ito ay ikaw naman ang magbabasa ng kuwentong **“Pamamasyal sa Bikol”** na nasa pahina 18. Unawain itong mabuti. Narito ang mga mahahalagang pangyayari na hinango sa kuwento. Basahin mo at kilalanin natin ang mga bahaging ito.

- A. Madilim pa nang umalis ang mag-anak nila Arthur at Rommel sa kahabaan ng daang palabas ng naggagandahang isla ng Caramoan, isang bayan sa probinsiya ng Camarines Sur. Nais nilang mamasyal sa ilang probinsya ng Bikol.

B. Pagbaba nila, dumiretso sila sa Donsol, Sorsogon. Sikat na sikat kasi ang Butanding sa karagatan nito. Sumaglit din sila sa Daraga, Albay. Naroon kasi ang Cagsawa Ruins.

“Napakaganda pa rin ng Bulkang Mayon!”, ang bulalas ni Tatay Ato.

“Abot-tanaw ang hugis nito sa gumuhong tuktok ng lumang simbahan ng Cagsawa”, dugtong pa niya.

Doon na sila nagmeryenda ng ibos, pinangat at maanghang na sorbetes.

C. “Saan po tayo magpapahinga ngayong gabi? tanong ni Arthur sa kaniyang Tatay Ato.

“Syempre, di-maaring makaligtaan ang malamig na tubig-bukal ng Lungsod Iriga, kaya doon tayo magpapalipas ng gabi”, ang sagot ng Tatay Ato.

“Yehey! Maliligo tayo sa tubig-bukal”, ang masayang sabi ni Arthur.

Aling kahon ang kinalalagyan ng unang bahagi ng kuwento?

Kahon A. Dito makikita ang tauhan at tagpuan. Kaya't tinatawag itong simula ng kuwento.

Ano ang naramdaman mo sa pangyayaring nasa B?

Tama! Nakaramdam ka ng matinding damdamin, pagkamangha, at paghanga. Ano ang inisip mo nang mabasa ito?

Ano naman ang naramdaman mo sa huling kahon C?

Masaya dahil nabawasan ang alalahanin, nagpasalamat; nagkaroon ng kasagutan ang problema.


Ito ang tinatawag na katapusan o wakas na bahagi ng kuwento nagkaroon ng kasagutan ang nangyari sa tauhan.




Lagi mong tatandaan...

1. Mahalaga ang pagsunod sa panuto upang magawa nang tama ang isang bagay.
2. Mahalagang pakinggang mabuti ang panuto upang maunawan ang dapat gawin. Hindi masamang ipaulit ang panuto o basahing muli ito upang lubos na maunawaan.
3. Sundin ang panuto ayon sa pagkakasunod-sunod nito upang maiwasan ang aksidente at upang makuha ang tamang resulta.
4. Kung ang panuto ay humihingi ng tamang sukat o halaga ng isang bagay, sundin ito nang buong ingat.

Ang tatlong **bahagi ng kuwento.**



- ❖ Sa pagsasalaysay muli ng nabasang teksto o kuwento, gumagamit ng mga *signal words* kagaya ng una, pangalawa, sunod, at huli upang maisalaysay muli ang mga pangyayari na may tamang pagkasunod-sunod.
- ❖ Maaari ring maisalaysay ng may wastong pagkakasunod-sunod ang teksto gamit ang mga larawan at pangungusap.



Pagyamanin

Panuto ko, gawin mo!

Panuto: Magpatulong muli sa iyong kapamilya sa bahay na magbasa para sa iyo. Pakinggan ang panuto o hakbang na iyong isasagawa gamit ang iyong kuwaderno.

Gawain A.

1. Gumuhit ng isang malaking tatsulok sa bandang itaas ng papel.
2. Sa ibaba nito idugtong ang parisukat.
3. Sa loob at gitna ng parisukat, gumuhit ng linyang patayo.
4. Gumuhit ng maliit na parisukat sa bandang kaliwa at taas na bahagi ng linya.
5. Iguhit ang isang puno sa kaliwang bahagi ng papel.

Tanong: Anong larawan ang iyong nabuo? _____

Panuto: Pag-aralan ang larawan at pangungusap na nasa ibaba. Isalaysay muli ang pangyayari gamit ang *signal words* (una, pangalawa, pangatlo, sunod, huli). Punan ng bilang 1-5 sa patlang.

Gawain B.

___ Pinaliguan si Tisoy bago ito pinakain.




___ Nailigtas si Lolo Isko sa stroke nina Tisoy at Rambo at patuloy na siyang nagpapagaling.

___ Paglalarawan kay Tisoy at Rambo.



___ Nakita nina Tisoy at Rambo si Lolo Isko na nakahandusay sa lupa.

___ Pagkatapos kumain ng tanghalian, naglalaro ng habulan ang dalawang aso.



Ang galing-galing mo! Natapos mo ang Gawain.

Saang gawain ka nahirapan?

___ Gawain A

___ Gawain B



Gayunpaman binabati kita sa iyong tagumpay.



Isaisip

Anong natutuhan mo sa araling ito? Ibigay ang iyong sagot.

Ang _____ ay isang hakbang o direksiyong magtuturo sa tamang paraan upang maging tama ang iyong gagawin.

Ito ay isang direksiyong magtuturo sa iyo upang _____ mo ang iyong gagawing hakbang.

Ako ay ginagamit na *signal words* para sa katapusan ng pagsasalaysay ng isang teksto. _____

Ako naman ay matatagpuan sa unahan ng kuwento kung saan ay maaari mo akong ilarawan. _____

Maganda at kaakit-akit na gamitin para sa pagbuo at pagsasalaysay ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari sa teksto. _____

Bahagi ako ng kuwento na kung saan matatagpuan ang maaksiyon na mga pangyayari. _____

Pinag-uugnay ko ang pangyayari sa kuwento mula sa una papunta sa pangatlo o sunod na bahagi. Anong signal words ang ilalapat dito? _____



Isagawa

Malaking hamon para sa atin ngayon ang kinakaharap ng ating bansa maging ng buong daigdig sa pagpuksa ng COVID-19. Para maiwasan ang pagkalat nito ay ibinahagi ng World Health Organization (WHO) ang pagsunod sa health protocol para maiwasan ito.

Panuto: Pakinggan ang hakbang sa pagsunod sa panuto na nasa CD o maaari ring basahin ito ng kasamahan sa pamilya.


Para iwas COVID, Isagawa mo Payo ko!

Lokasyon: Groseri

1. Iguhit ang linya ng mga mamimili sa groseri na may isang metrong pagitan.
2. Iguhit ang papel o ID at pantakip sa bibig at ilong na hinihingi ng guwardiya bago pumasok ng groseri.
3. Pagkatapos pumasok, isulat ang pangalan ng likido na inilalagay sa kamay ng mga pumapasok sa tindahan.
4. Pagpila sa cashier, anong dalawang salita ang muling ipasunod ng mga namimili?

S O C _ _ L D I _ T A _ _ I N G

5. Pagdating sa bahay, isulat ang salitang dapat gawin sa kamay ng taong nag-groseri o galing sa labas. Lapatan ng wastong bilang ang bawat larawan para sa wastong pagkakasunod-sunod at isalaysay muli gamit ang *signal words* sa pangungusap.



Magaling! Matapos mong isagawa nang tama ang pagsubok sigurado tayong ligtas sa pandemyang ito. Tingnan ang tamang sagot sa pahina ng susi ng pagwawasto.



Tayahin

A. Panuto: Pakinggan mula sa CD nang dalawa o tatlong beses ang paraan ng paggawa ng eroplanong papel. Sakaling hindi magamit ang CD, ipabasa sa kapamilya ang panuto. Maghanda ng isang bond paper na iyong gagamitin.

Paano Gumawa ng Eroplanong Papel?

posted on March 15,2017 by origamiwithlucy

Ang eroplanong papel ay lumilipad kung tama ang paraan ng pagbato nito. Ito ay madali lang gawin kaya halina't atin nang simulant. Ang kailangang gamit ay isang buong papel.

Mga Hakbang:

1. Kailangan mong itupi pahaba (lengthwise) sa gitna ang papel.
2. Tanggalin sa pagkakatupi. Ang pagkakatuping ito ang siyang magsisilbing gabay upang malaman mo ang gitna ng papel.
3. Itupi ang dalawang kanto ng papel upang magtagpo sila sa gitna.
4. Itupi ang papel pahalang (crosswise) upang magtagpo ang dulo nito at ilalim.
5. Ituping muli ang papel sa paraan ng pagkakatupi nito sa simula.

6. Ngayon ay mayroon ka nang dalawang bahagi ng papel. Tiklupin nang patagilid ang isang bahagi.
7. Tiklupin hanggang sa magkaroon ka ng isang bahagi ng pakpak ng eroplano.
8. Ulitin ang huling hakbang sa kabilang bahagi ng papel.
9. Siguraduhing makompleto ang pakpak ng iyong eroplano.
10. Ihanda na ito sa paglipad.

Luciano, "Paano Gumawa ng Eroplanong Papel"

B. Panuto: Basahin ang kuwento. Piliin ang pinaka-angkop na sagot sa mga tanong.

Bagyo sa Bikol

Ang lugar ng Bikol ay parating dinaraan ng bagyo dahil sa lokasyon nito sa ating bansa. Bago pa dumating ang sakuna, ay abala ang mga tao sa paghahanda gaya ng pag-aayos ng mga tirahan, pamamalengke at pag-iimbak ng mga pagkain. Inihahanda rin ang mga pang-*first aid*, ilaw, at inaayos ang mga kagamitan para sa maaaring baha at pagguho ng lupa. Nakikinig din sa balita ang mga tao para malaman ang direksyon ng bagyo at kung gaano ito kalakas.

Sa oras na tumama ang bagyo, lahat ay nasa loob ng kanilang mga tahanan at taimtim na nagdarasal. Pagkatapos ng bagyo, walang humpay na naglilinis ng kapaligiran.

Hindi kinakalimutan ang pagpapasalamat sa Poong Maykapal sa kaligtasang natamo.

1. Alin ang dapat na simula sa mga pangyayaring nabanggit?
Piliin at isulat sa sagutang papel.
 - a. Lahat ay nasa loob ng tahanan
 - b. Abala sa pag-aayos ng tirahan
 - c. Paglilinis ng buong kapaligiran
 - d. Nakikinig din sa balita ang mga tao

2. Alin sa mga sumusunod ang katapusang bahagi ng kuwento?
 - a. Paglilinis sa buong kapaligiran
 - b. Taimtim na nagdarasal na sana ay iligtas sila sa bagyo
 - c. Pamamalengke at pag-iimbak ng pagkain
 - d. Lahat ay nasa loob ng tahanan at taimtim na nanalangin

3. Sa aling pahayag ang masasabing nasa kasukdulan ang pangyayari?
 - a. Paghahanda sa mga *first aid* at ilaw
 - b. Walang humpay na paglilinis sa bakuran
 - c. Pagdating ng bagyo sa kalupaan
 - d. Lahat ay nasa loob ng tahanan at taimtim na nanalangin


C. Panuto: Isalaysay muli ang kuwentong “Bagyo sa Bikol”, gamit ang mga larawan, pangungusap, at *signal words* na may tamang pagkakasunod-sunod.



- 7 puntos-kapag naisalaysay gamit ang mga larawan, pangungusap, at *signal words* na may tamang pagkakasunod-sunod
- 6 puntos-kapag naisalaysay pero kulang sa gamit ang mga larawan, pangungusap, at *signal words* na may tamang pagkakasunod-sunod
- 5 puntos-kapag naisalaysay pero kulang na kulang sa gamit ang mga larawan, pangungusap, at *signal words* na may tamang pagkakasunod-sunod
- 4 puntos-kapag kailangan pa ng ibayong pagsasanay

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat ng pagsubok. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa pahina 18.

Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?



Karagdagang Gawain

Para hindi ka makalimot sa gawaing ito, muli kang magsanay sa pagsunod sa napakinggang panuto.

Panuto: Pakinggan ang hakbang na babasahin ng iyong kasamahan sa bahay at isagawa ito nang tama.

1. Kumuha ng isang malinis na bondpaper.
2. Mag -isip ng isang salita, na maitatawag mo sa taong tumutulong at nagsisilbi sa bayan para sa kaligtasan ng bawat mamamayang Pilipino ngayong nasa panahon ng krisis sa COVID 19.
3. Isulat nang malaki ang salitang naisip mo sa bahaging itaas ng papel.
4. Isulat ang naisip mong pangungusap o mensahe para sa mga taong ito na nagsasakripisyo para sa bayan.
5. Lagyan ito ng kulay na paborito mo. Puwede ring maglagay ng disenyo.
6. Ipaskil ito sa labas ng iyong bahay o tarangkahan.

Malugod na pagbati!

Napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Maari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

Ang husay mo kid!



Mga Babasahin sa Pakikinig

Tuklasin Mo:

Pamamasyal sa Bikol

Chelsy O. Salcedo

Madilim pa nang umalis ang mag-anak nila Arthur at Rommel sa kahabaan ng daang palabas ng naggagandahang isla ng Caramoan, isang bayan ng Camarines Sur. Nais nilang mamasyal sa ilang probinsya ng Bikol.

Mula sa Camarines Sur, nagtungo sila sa Tabaco, Albay. Bumili sila ng magagarang itak. Tumuloy din sila sa Mayon Resthouse at Planetarium. Isang mataas na bahagi ng Bulkang Mayon. Malamig pa rin ang lugar kahit mataas na ang sikat ng araw. Kitang-kita nila ang buong Albay maski ang dagat na katabi nito.

Pagbaba nila, dumiretso sila sa Donsol, Sorsogon. Sikat na sikat kasi ang Butanding sa karagatan nito. Sumaglit din sila sa Daraga, Albay. Naroon kasi ang Cagsawa Ruins.

“Napakaganda pa rin ng Bulkang Mayon!”, ang bulalas ni Tatay Ato.,

“Abot-tanaw ang hugis nito sa gumuhong tuktok ng lumang simbahan ng Cagsawa”, dugtong pa niya.

Doon na sila nagmeryenda ng ibos, pinangat at maanghang na sorbetes.

Pauwi na sila nang dumaan sila sa Kawakawa Hill ng Lungsod Ligao. Isang burol na napapalibutan ng iba’t ibang uri ng kawayan.

“Saan po tayo magpapahinga ngayong gabi? tanong ni Arthur sa kaniyang Tatay Ato.

“Syempre, di-maaaring makaligtaan ang malamig na tubig-bukal ng Lungsod Iriga, kaya doon tayo magpapalipas ng gabi”, ang sagot ng Tatay Ato.

“Yehey! Maliligo tayo sa tubig-bukal”, ang masayang sabi ni Arthur.

*ibos- malagkit na bigas na binalot ng dahon ng niyog;
pinangat-ginataang dahoon ng-gabi*

Panuto: Sundin at sagutin ang panuto:

1. Kopyahin ang mga lugar na pinuntahan ng ama at ng kanyang mga anak na lalaki.
2. Isulat ang pangalan ng dalawang anak na lalaki.
3. Isulat ang pangalan ng pagkaing kinain ng mag-anak.
4. Iguhit ang bagay na kanilang binili sa Tabaco, Albay.
5. Isulat sa malaking titik ang pangalan ng mga bata sa kuwento.

Mahalaga bang sundin ang panuto?



Susi sa Pagwawasto

<p><i>Subukin</i></p> <p>A. 1. Pagguhit ng blog 2. Pagguhit ng korona 3. Pagguhit ng tatsulok 4. Unang letra ng pangalan 5. Kulayan ng pula 6. Pagguhit ng parihaba 7. Apelyido 8. Kulayan ng dilaw 9. Pagguhit ng puso 10. Kulayan ang puso</p> <p>B. Una inihinalay niya ang puting damit sa may kulay, pangalawa binabasa niya ito, pangatlo ay sinasabon, binabaliwan ng talong beses at ang panhuli ay pinapagan at sinasampay hanggang matuyo.</p>	<p>Balikan</p> <p>1. Ang matalik na magkaibigan ya sina Oscar at Omar. 2. Dinala si Oscar sa Ospital. 3. Magkasama silang naglalaro at nagdadamay.</p> <p><i>Tuhan</i> - Oscar, Omar, Tito Selmo <i>Tagpuan</i> - Ospital <i>Pangyayari</i> - lahat ng binanggit na pangyayari sa kuwento ay tama</p> <p>1. Tabaco, Mayon Resthouse, Donsole, Cagsawa Ruins, Kawa-kawa Hill, Lungsod Iriga 2. Athur at Kommel 3. Ibos, pinangat, sorbetes 4. igtuhit ang itak 5. ARTHUR, ROMMEL</p>	<p><i>Surtin</i></p> <p>Gawain 1 (iba-iba ang sagot)</p> <table border="1" data-bbox="1093 824 1294 913"> <tr> <td>1</td> <td>2</td> </tr> <tr> <td>3</td> <td>4</td> </tr> </table> <p>2. 1-naglalaba 3. 2-namay, tatay, ate, kuya, bunso 4. 3-paglininis 5. 4-pangalan mo</p>	1	2	3	4				
1	2									
3	4									
<p><i>Tayahin</i></p> <p>A. Ang nabuo ay isang eroplanong papel Karagdagang Gawain (iba-iba ang sagot) 1. malinis na papel 2-3. Frontliners 4. Saludo kami sa inyo at maraming salamat! 5. Kulayan ito ng gusto mong kulay 6. ipaskil sa harapan 1. b. 2. A. 3. C</p> <p>Pagsasalaysay muli ng kuwento gamit ang signal words at pangunusap.</p>	<p>Isaisip</p> <p>1. Panuto 2. Masunod 1. huli 2. Simula 3. Larawan 4. Kasukdulan 5. Pangalawa</p> <p>Isagawa</p> <p>1. X X X 2. Quarantine Pass at Face mask 3. Alkohol 4. Social Distancing 5. maghugas ng kamay</p> <table border="1" data-bbox="611 1249 959 1339"> <tr> <td>2</td> <td>3</td> <td>4</td> <td>1</td> </tr> <tr> <td>6</td> <td>8</td> <td>7</td> <td>5</td> </tr> </table>	2	3	4	1	6	8	7	5	<p><i>Pagymananin</i></p> <p>A. Bahay kubo na may punongkahoy sa kaliwang bahagi B. 2, 5, 1, 4, 3 Iba iba ang sagot sa pagsasalaysay</p>
2	3	4	1							
6	8	7	5							

Sanggunian

Calatrava, Sancho, et.al., (2015). *Yaman Ng Lahi Wika At Pagbasa Sa Filipino 4*. 1st ed. Pasig City: Sunshine Interlinks Publishing House, Inc.,

Kontekstuwalisadong Banghay-Aralin sa Filipino, Baitang 4 Unang Kwartar, Linggo 10 Araw 1, 2019. pahina 219

Kontekstuwalisadong Banghay-Aralin sa Filipino, Baitang 4 Unang Kwartar, Linggo 5 Araw 2, 2019. pahina 105

Luciano, Christopher John., “*Paano Gumawa ng Eroplanong Papel*” March 15, 2017 origamiwithlucy foldingpapers.wordpress.com/2017/03/15/paano-gumawa-ng-eroplanong-papel-2/

Dayag, Alma M., (2017), *Pinagyamang Pluma 4*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.

Bahagi, Ramos, and Embestro, Kontekstuwalisadong Banghay-Aralin sa Filipino, Baitang 4 (Kwartar 1) RO V pp. 33, 131-132

Proper handwashing (2020), Retrieved 6 June 2020, from https://www.who.int/gpc/clean_hands_protection/on/

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph